# Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. 09 | ISSUE NO . 02 | AUGUST 10 - 16, 2026 | ₱ 15.00


## The Word of God



**1 Corinthians 9:24-27 NIV**

Do you not know that in a race all the runners run, but only one gets the prize? Run in such a way as to get the prize. Everyone who competes in the games goes into strict training. They do it to get a crown that will not last; but we do it to get a crown that will last forever. Therefore I do not run like a man running aimlessly; I do not fight like a man beating the air. No, I beat my body and make it my slave so that after I have preached to others, I myself will not be disqualified for the prize.



by: Bro. Ernie Acayan

CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

# RAPPELLING AND ROPE SAFETY TRAINING HELD FOR CCTF-STEP COMMAND OFFICERS

*BASAHIN SA PAHINA 2*



Guiguinto, Bulacan– July 28, 2026 – The Climate Change Task Force (CCTF) conducted a specialized rappelling and technical rope access training for its STEP Command Officers here, boosting emergency response readiness while advancing the Climate Action Now! advocacy.



## Alex Eala, nag-kampeon sa 2026 Mubadala DC Open

*BASAHIN SA PAHINA 8*

## P510-M halaga ng hinihinalang shabu, nasabat sa Batangas Port

P2



## Hidilyn Diaz magsa-sagawa ng world-class weightlifting competition sa bansa

*PAHINA 8*



## Plunder at graft cases vs. Sen. Loren at Rep. Leviste, inihain na para sa 'preliminary investi-gation' – Omb. Remulla

*BASAHIN SA PAHINA 2*



## Panukalang Barangay legal aid desks at mobile legal clinics para sa libreng ser-bisyong legal, isinusulong ni Rep. Yamsuan

*BASAHIN SA PAHINA 3*

## Italian football legend Fran-co Baresi pumanaw

*PAHINA 8*

## BEERMEN TINAMBAKAN ANG TITAN ULTRA

P8

## Nakakulong na sina Estrada at Marcoleta, itinalagang mamu-no sa mga komite ng Senado

*BASAHIN SA PAHINA 3*



## KMU, tinutulan ang pa-gharang sa dagdag-sa-hod; kilos-protesta, inihahanda




*PAHINA 8*

## Ombudsman staff, nahaharap sa disciplinary investigation vs Sen. Padilla counter-affidavit

*PAHINA 2*



# Ombudsman staff, nahaharap sa disciplinary investigation vs Sen. Padilla counter-affidavit

Isang tauhan ng Office of the Ombudsman ang nahaharap ngayon sa disciplinary investigation matapos ang naging pagkukulang sa pagproseso ng counter-affidavit na inihain ni Senator Robin Padilla kaugnay ng reklamong obstruction of justice.

Ayon kay Ombudsman Jesus Crispin Remulla, napatunayang naghain si Padilla ng kaniyang counter-affidavit, taliwas sa naunang pahayag na hindi umano nito sinunod ang utos ng Ombudsman.

Paliwanag pa ng Ombudsman na nagkaroon ng pagkukulang sa dokumentasyon matapos umanong hindi mai-log sa Central Records ang isinumiteng dokumento at sa halip ay direktang naipadala ito sa investigating division.

Dahil dito, sinabi ni Remulla na sumulat na siya kay Padilla upang ipaliwanag ang nangyaring aberya. Aniya, seryosong paglabag ang hindi tamang pagproseso ng mga dokumento sa isang tanggapan tulad ng Ombudsman kaya isinailalim na sa disciplinary investigation ang personnel na sangkot.

Matatandaan na ang reklamong obstruction of justice laban kina Padilla, Senator Alan Peter Cayetano, at dating Senate Sergeant-at-Arms Mao Aplasca ay inihain ng Tindig Pilipinas kaugnay ng umano'y pagtulong kay Senator Ronald "Bato" dela Rosa na makaiwas sa arrest warrant ng International Criminal Court.

# Kamanggagawa Partylist, kinondena ang pagpapatigil sa implementasyon ng P85 additional wage



Kinondena ni Kamanggagawa Party-list Representative Elijah San Fernando ang inilabas na 'status quo ante order' ng korte para pansamantalang pigilan ang pagpapatupad ng P85 dagdag sa minimum wage sa National Capital Region.

Ayon kay San Fernando, labag sa Labor Code ang naturang kautusan ng korte.

Paliwanag ng abogado, nakasaad sa Article 126 ng Labor Code na walang hukuman, tribunal o iba pang entity ang maaaring magpalabas ng injunction o temporary restraining order laban sa mga proceedings o desisyon ng National Wages and Productivity Commission at ng Regional Tripartite Wages and Productivity Boards.

Itinatakda rin aniya ng Article 123 ng Labor Code na ang mga apela kaugnay ng wage order ay dapat idaan sa National Wages and Productivity Commission ng Department of Labor and Employment (DOLE).

Naniniwala ang mambabatas na walang hurisdiksyon ang Pasig City Regional Trial Court Branch 152 sa usapin ng wage order.

Aniya, malinaw itong panghihimasok ng hudikatura sa quasi-legislative function ng DOLE.

Kung babalikan ang naging kautusan ng Pasig court, hindi muna ipapatupad ang wage hike hanggang August 13 matapos maghain ng petisyon ang Readycon Trading and Construction Corp at R-II Builders Inc. laban sa wage order.

# Flood control modus sa Taguig, tugma sa nangyayari sa Bulacan

Ibinunyag ni Senador Ping Lacson ang pagkakatulad ng modus sa flood control scandal sa Bulacan at sa umano'y nangyayari sa mga flood control project sa Taguig City.Civil Engineering

Natuklasan umano ng team ni Sen. Lacson na parehas ang ilang ginamit na templates para sa maanomalyang flood control projects sa Bulacan at sa ilang kwestiyonableng proyekto sa Taguig.

Maging ang ilang larawan aniya ay pareho rin.

Ang naturang template at mga larawan aniya ay ginagamit din sa iba pang bahagi ng bansa.

Ang pagkakaiba lamang aniya ay ang petsa sa mga naturang proyekto.Mga Gabay sa Lungsod at Lokal

Giit pa ni Lacson, tanging si Sen. Alan Peter Cayetano lang ang may kontrol sa mga proyekto sa Taguig na nasa ilalim ng First Metro Manila District Engineering Office.

Ang naturang district office ay kinabibilangan din ng Pateros at ng Pasig.



# Plunder at graft cases vs. Sen. Loren at Rep. Leviste, inihain na para sa 'preliminary investigation' – Omb. Remulla

Inanunsyo ni Ombudsman Jesus Crispin 'Boying' Remulla na tuluyan nang inihain para sa 'preliminary investigation' ang ilang mga kaso laban kina Batangas 1st District Rep. Leandro Leviste at Sen. Loren Legarda.

Ayon kay Ombudsman Remulla, ang mga reklamong isasailalim sa 'preliminary investigation stage' ay ang plunder, graft, at conflict of interest.

Kaugnay aniya ang mga reklamong ito sa Solar firm o kumpanya ng mambabatas na bigong tuparin ang pangako o responsibilidad makapagbahagi ng 'Solar energy' para sa bansa. Paliwanag ng tanodbayan kung bakit kasama maging ang nanay ng mambabatas na si Sen. Loren Legarda sa kaso ay dahil sa paggamit umano nito ng posisyon bilang 'chairman' noon ng Senate Finance Committee para mabigyan ng prangkisa si Rep. Leviste. Depensa ni Ombudsman Remulla na hindi masasabing may impluwensya ito ng pulitika sapagkat masusi naman daw itong pinag-aralan.

Itinuring ng opisyal ang naturang kaso bilang 'ghost electricity' kung saan aabot sa higit sampung bilyon piso ang pinag-uusapan nawalang benepisyo sana para sa Pilipinas.

# P510-M halaga ng hinihinalang shabu, nasabat sa Batangas Port

Nasabat ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) ang tinatayang 75 kilo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng humigit-kumulang P510 million sa isinagawang anti-illegal drugs operation sa Batangas Port nitong Huwebes.

Napag-alaman na ikinasa ng PDEA, katuwang ang iba pang law enforcement agencies, ang operasyon matapos makatanggap ng impormasyon hinggil sa umano'y pagpasok ng ilegal na droga na sakay ng barkong nagmula sa Caticlan.

Agad na hinarang at hinalughog ng mga awtoridad ang sasakyan ng mga suspek pagdating sa pantalan, kung saan nadiskubre ang malaking bulto ng hinihinalang shabu.

Tatlong katao ang naaresto sa operasyon, kabilang ang isang 17-anyos na driver.

Haharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Republic Act No. 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

## Hirit na taas pasahe, sisimulan nang talakayin ng LTFRB

Sisimulan nang talakayin ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) ang mga nakabinbing petisyon ng ilang transport groups para sa taas pasahe. Ayon kay LTFRB chairperson Atty. Vigor Mendoza, kasalukuyang pinag-aaralan na ng ahensiya ang kaukulang taas sa pamasahe para sa dyip, pampasaherong bus, utility van express, taxis at motorcycle taxis.

Aniya, bubuo sila ng rekomendasyon sa lalong madaling panahon.

Matatandaang nauna nang naatasan ang ahensiya na muling kwentahin ang mga fare adjustment base sa inihaing petisyon ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide para taasan ang minimum fare ng P10

Liban dito, pinag-aaralan na rin ng ahensiya ang mga petisyong inihain ng apat pang grupo.

Tiniyak naman ni Mendoza na magpapasya sila nang naaayon sa interes ng public utility vehicle sector kaakibat ng pagtiyak na protektado ang kapakanan ng mga komyuter at publiko.

Ang pag-aaral sa taas pasahe ay sa gitna ng pagsipa ng operational costs ng transport sector kasunod ng serye ng pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo dulot ng panibagong tensiyon sa Middle East.



Point VIEWER Publishing

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# Rappelling and Rope Safety Training Held for CCTF-STEP Command Officers



The activity was headed by National Commander Richard Nixon Gomez. Facilitated by the Zion Emergency and Disaster Rescue Unit, under the leadership of Mr. Ryan Apduhan, the session covered proper harness fitting, knot-tying, controlled descent, equipment maintenance, and emergency rescue procedures—critical skills for responding to typhoons, floods, landslides, and other climate-driven disasters. Instructors demonstrated safe suspension and maneuvering techniques on purpose-built rigs, while all participants completed guided practice under direct supervision.

Participants donned shirts bearing the Climate Action Now! message, reinforcing that building operational resilience goes hand-in-hand with environmental stewardship. "We do not just train to respond; we train to protect communities increasingly vulnerable to the worsening impacts of the climate crisis," shared Apduhan. "Preparedness is both a life-saving measure and a key part of our collective climate action."

This training reflects the organization's broader dedication to building a capable, unified response force prepared to serve communities across the country in all types of emergency situations.

## OPAPRU, tiniyak ang pagpapatupad sa mga natitirang kasunduang pangkapayapaan sa BARMM

Nangako si Presidential Peace Adviser Secretary Mel Senen Sarmiento na ipagpapatuloy ang pagpapatupad ng lahat ng natitirang obligasyon ng pamahalaan sa mga nilagdaang kasunduang pangkapayapaan.

Ayon kay Sarmiento, alinsunod ito sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na isulong ang pagkakasundo, palakasin ang transisyon sa Bangsamoro, pabilisin ang kaunlaran, at tapusin ang mga matagal nang peace commitments ng pamahalaan. Inihayag din ng Kalihim na nakatakdang lagdaan ng gobyerno at ng Cordillera Bodong Administration-Cordillera People's Liberation Army o CBA-CPLA ang Completion Document na tuluyang tutuldok sa mahigit apat na dekadang peace process sa pagitan ng dalawang panig.

Sinabi ni Sarmiento na magsisilbing opisyal na pagtatapos ng implementasyon ng kasunduan ang dokumento at magbibigay-daan sa mas matatag, mapayapa, at maunlad na Cordillera sa mga susunod na taon.




## KMU, tinutulan ang pagharang sa dagdag-sahod; kilos-protesta, inihahanda

Agad na kukuwestiyunin ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang inilabas na temporary restraining order (TRO) ng Pasig Regional Trial Court (RTC) laban sa P85 na dagdag sa minimum wage sa Metro Manila.

Ayon kay Jerome Adonis, chairperson ng KMU, sobrang liit na nga ng umentoat sinabotahe pa ito ng ilang personalidad.

Kaya naman, tatalakayin ng kanilang grupo ang mga legal na hakbang na kanilang isasagawa kaugnay ng desisyon ng korte.

Bukod sa legal na aksyon, nakatakda ring maglunsad ng mga kilos-protesta ang KMU bilang pagtutol sa pagpigil sa umento ng sahod na matagal nang hinihintay ng mga manggagawa.

Ipinahayag din ng grupo ang kanilang pagkadismaya kay Department of Labor and Employment (DOLE) Secretary Francis Tolentino dahil umano'y hindi ito lumaban at nanindigan para sa kapakanan ng mga manggagawa sa gitna ng usapin.

Giit ng KMU, hindi dapat ipagkait sa mga manggagawa ang karampatang dagdag-sahod lalo't patuloy na tumataas ang presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo.

## House members, buo ang suporta sa House leadership; Policy direction ng House, walang pagbabago – Acidre

Kampante si Tingog Partylist Rep. Jude Acidre na wala pang mga mambabatas na bumabawi ng suporta kay House Speaker Faustino Dy, sa loob ng isang linggong pagbubukas ng 2nd Regular Session ng 20th Congress.

Ayon kay Acidre, nananatiling solido ang suporta ng mga mambabatas na bahagi ng 2nd Regular Session, at buo rin ang suporta ng mga ito sa policy direction ng mababang kapulungan.

Sa kabila aniya ng naging pahayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na malapit nang sampahan ng patong-patong na kaso ang 'dating House Speaker,' nananatili pa rin ang suporta ng House members kay Speaker Dy na isa sa mga kilalang kaalyado ni Pang. Marcos.

Maaalalang si Speaker Dy ang pumalit kay presidential cousin, Rep. Martin Romualdez, na isa sa mga idinadawit sa nabunyag na flood control scandal. Si Speaker Dy ang isa sa mga kilalang kaalyado at supporter ni Pang. Marcos, tulad din noon ni Romualdez.

Ayon kay Acidre, hindi apektado ang House members sa naging pahayag ni Pang. Marcos ukol sa pagsasampa ng mga kaso at sa halip ay nananatili ang kanilang tiwala at suporta sa kaniyang kaalyado na si Speaker Dy.

Sa kasalukuyan, wala aniyang pagbabago sa policy direction ng House of Representatives at tuloy pa rin ang pag-pokus nito sa executive-legislative agenda ng Marcos administration. Kabilang dito ang ilang tax reform programs, reporma sa power sector, education, healthcare, at iba pa.

## Panukalang Barangay legal aid desks at mobile legal clinics para sa libreng serbisyong legal, isinusulong ni Rep. Yamsuan



Naghain si Parañaque 2nd District Rep. Brian Yamsuan ng House Bill 9476 na naglalayong magtatag ng Barangay Legal Aid Desks (BLADs) at Mobile Legal Clinics (MLCs) upang mailapit ang libreng serbisyong legal sa mga Pilipino, lalo na sa mga nasa liblib at underserved na komunidad.

Sa ilalim ng panukala, pangungunahan ng Department of Justice (DOJ) at Public Attorney's Office (PAO) ang pagpapatakbo ng mga mobile legal clinic na magbibigay ng libreng legal na konsultasyon, tulong sa paghahanda ng mga affidavit, kontrata at iba pang legal na dokumento, gayundin ng mediation at conciliation services.

Ang bawat barangay naman ay magkakaroon ng legal aid desk na pamamahalaan ng mga sinanay na paralegal, volunteer lawyers at law student interns.

Ayon kay Yamsuan, maraming Pilipino ang hindi nakakakuha ng sapat na serbisyong legal dahil sa layo ng mga hukuman at abogado at sa gastos na kaakibat nito.

Aniya, layunin ng panukala na mapalapit ang hustisya sa mga komunidad, matulungan ang mga mamamayan na maunawaan at maipaglaban ang kanilang mga karapatan, at maisulong ang maayos na pagresolba ng mga alitan sa pamamagitan ng mediation.

Naglalaman din ang panukala ng mga insentibo para sa mga volunteer lawyer at law student, kabilang ang MCLE credits, tax deductions para sa pro bono legal services at internship credits.

Magtatatag din ng Barangay Legal Assistance Council (BLAC) upang mangasiwa sa pagpapatupad at pagsusubaybay ng programa.

## Partial operations ng MRT-7, target ng DOTr sa ika-2 quarter ng 2027

Nakatakda pa ring simulan ng Department of Transportation (DOTr) ang partial operations ng Metro Rail Transit Line 7 (MRT-7) sa ikalawang kwarto ng 2027.Ayon kay Transportation Secretary Giovanni Lopez, nasa tamang iskedyul naman daw ang proyekto at target pa rin ng ahensya na mabuksan ang 12 istasyon ng MRT-7 sa susunod na taon.Bukod sa MRT-7, nagbigay rin ang DOTr ng update sa iba pang malalaking infrastructure projects.Inaasahang magsisimula na ang operasyon ng Port of Lucena sa Agosto, habang target namang mabuksan bago matapos ang taon ang tatlong bagong EDSA Busway stations sa Bagong Barrio, Balintawak, at Guadalupe.

Sinabi rin ng DOTr chief na inaasahang matatapos sa Disyembre ang Bukidnon Airport terminal, habang target namang makumpleto sa Oktubre ang bagong passenger terminal ng Siargao Airport.

Samantala, inaasahan ding matatapos bago matapos ang taon ang Phase 1 ng Sto. Tomas–Tiaong segment ng South Long Haul Project. Tungkol naman sa Metro Manila Subway Project, sinabi ni Lopez na maayos naman ang takb ng konstruksyon. Ayon sa kanya, 90 porsiyento na ng kinakailangang right-of-way acquisition ang natapos na noong Hunyo.Dagdag pa niya, natapos na rin ang tunnel excavation sa ilang bahagi ng subway line, habang malapit na ring makumpleto ang iba pang tunnel works.Target ng DOTr na magsagawa ng demonstration run ng Metro Manila Subway sa 2028, bago matapos ang termino ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr.





## Nakakulong na sina Estrada at Marcoleta, itinalagang mamuno sa mga komite ng Senado

Itinalaga sina Sen. Jinggoy Estrada at Sen. Rodante Marcoleta bilang chairpersons ng magkahiwalay na komite sa Senado sa kabila ng kanilang pagkakadetine. Si Estrada ang mamumuno sa Committee on Electoral Reforms and People's Participation, habang si Marcoleta naman ang mamumuno sa Committee on Tourism.Pamahalaan

Inanunsyo ang bagong committee assignments sa sesyon ng Senado. Pinalitan ni Estrada si Senate President Pro Tempore Tito Sotto III, na inilipat bilang chairperson ng Committee on Public Works.

Ipinaliwanag ni Senate President Win Gatchalian na nananatiling senador si Estrada sa kabila ng kaniyang pagkakadetine at 90-day suspension, kaya karapat-dapat pa rin siyang pamunuan ang isang komite. Aniya, ang vice chair ang mangangasiwa sa operasyon ng komite habang nakakulong ang senador.

Kapwa nakakulong sina Estrada at Marcoleta dahil sa magkahiwalay na kasong plunder kaugnay ng flood control controversy at kapwa itinanggi ang mga alegasyon laban sa kanila. Samantala, itinalaga rin si Sen. Imee Marcos bilang deputy minority leader.

## Senado, natanggap na ang tax records nina VP Sara Duterte at Atty. Mans Carpio

Natanggap na ng Senado ang mga isinumiteng dokumento mula sa Bureau of Internal Revenue (BIR) kaugnay ng tax records ng mag-asawang Vice President Sara Duterte at Atty. Mans Carpio, pati na rin ng mga korporasyong konektado sa kanila.

Ang mga isinumiteng papeles, kasama ang iba pang subpoenaed documents, ay kasalukuyang ini-inventory at pinoproseso bago ipamahagi ang kopya sa mga partido.

Ang paglalabas ng mga dokumento mula sa BIR ay otorisado ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr.

Layunin ng pagsusuri sa mga tax records na masuri ang posibleng iregularidad sa paggamit ng pondo at operasyon ng mga kaugnay na korporasyon.

Pinatitiyak ng Senado na ang lahat ng ebidensiya ay maayos na maitatala at mapoproseso bago ito gamitin sa paglilitis.

Ang hakbang na ito ay nakikitang mahalaga upang mapalakas ang transparency at pananagutan sa gitna ng impeachment proceedings.

# Pagbabayad ng 'systems loss' sa kuryente, hindi dapat ipataw sa mga ordinaryong konsyumer – Navotas Rep. Tiangco

Mariing iginiit ni Navotas City Representative Toby Tiangco na hindi dapat umano akuin o ipasa sa mga ordinaryong konsyumer ang 'systems loss' sa kuryente.

Kung saan muling isinumite ng mambabatas ang kanyang panukalang alisin na ang 'systems loss charges' sa buwanang singil ng kuryente sa Pilipinas.

Ang naturang muling paghahain ay alinsunod sa pahayag ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. na hindi nararapat pasanin ng mga konsyumer ang systems loss charges bilang bahagi sa mga hakbang para mapababa ang mataas na singil o presyo ng kuryente sa bansa.

Ikinatuwa ni Rep. Tiangco na ang panukalang matanggal ang singil sa systems loss ay malinaw nang bahagi sa legislative agenda ng Pangulo.

Matagal na aniya itong sinasabi na hindi makatarungan na ang ordinaryong konsyumer pa ang pinagbabayad sa mga nananakaw na kuryente at pagiging hindi episyente na wala naman silang kinalaman.

Kung kaya't kasunod sa talumpati ng presidente sa makaraan State of the Nation Address, umaasa ang mambabatas na makakakuha na ito ng sapat na suporta sa kongreso upang tuluyan nang maisabatas.

Panawagan niya sa mga kapwa kasamahan sa kongreso na suportahan ang panukalang batas lalo pa't suportdo na rin mismo ng pangulo.



# House Prosecution spox, ikinababahala ang epekto ng pagpost ni Sen. Pia ng 'spliced video'

Patuloy na ikinababahala ng House Prosecution panel ang kontrobersyal na video na ibinahagi ni Sen. Pia Cayetano kaugnay ng face-off nina Sen. Alan Peter Cayetano at House prosecutor Chel Diokno

Unang umani ng batikos ang hakbang na ginawa ng senator-judge dahil ang naturang video ay sinadyang na-edit mula sa orihinal na kopya at hayagang binago ang konteksto.

Sa isang panayam, sinabi ni House panel spokesperson, Atty. Benjamin Tolosa Jr., na pinag-aaralan na ng prosecution kung dadalhin o babanggitin nila sa Senate Impeachment Court ang naturang video. Bagaman una na rin itong sinagot ni Rep. Diokno, nananatili aniya ang pagkabahala ng House panel sa naging hakbang ng senator-judge.

Sa huli aniya, nasa kamay pa rin ng presiding chair at ng mga miyembro ng impeachment court kung tatawagin ang pansin o paaalalahanan ang kanilang kapwa miyembro kaugnay ng naturang usapin.

Naniniwala si Atty. Tolosa na hindi ito simpleng issue at kailangan ding suriin nang mabuti, lalo na ang implikasyon nito sa nagpapatuloy na trial.





# Panukalang itaas ang taunang income tax exemption sa P600-K, inihain ni Sen. Ejercito

Naghain si Senador JV Ejercito ng panukalang batas na naglalayong itaas sa P600,000 ang taunang income tax exemption.

Sa isang pahayag, ipinaliwanag ng senador na inihain niya ang Senate Bill No. 2341 para amyendahan ang National Internal Revenue Code at hindi na isama pa ang mga empleyadong sumasahod ng P600,000 o mas mababa kada taon mula sa pagbubuwis, mula sa kasalukuyang threshold na P250,000.

Saad pa ng senador na hindi lamang ito isang reporma sa buwis kundi ito ay para sa mga middle-income earners na masigasig na kumakayod, nagbabayad ng kanilang buwis at patuloy na nagaambag sa ekonomiya sa kabila pa ng mataas na gastos sa pamumuhay.

Giit ng mambabatas na kailangang manatiling nakatutugon ang tax system ng bansa sa nagbabagong reyalidad sa ekonomiya na kinakaharap ng bawat pamilyang Pilipino.

Kayat ayon kay Ejercito, pangunahing layunin ng panukalang batas na mabawasan ang pasaning buwis ng mga manggagawang Pilipino na nasa middle-class at matiyak ang kanilang maiuuwing kita at mapalakas ang kanilang purchasing power.

Ipinunto rin ng senador na hindi lamang pansamantalang tugon sa inflation ang naturang panukala kundi pangmatagalang hakbang na naglalayong tulungan ang mga pamilyang Pilipino.

# DOF, BIR: 'mayroon nang ipinapatupad na tax relief measures, inaaral na rin ang ilang adjustment'

Binigyang-diin ng Department of Finance (DOF) at Bureau of Internal Revenue (BIR) na mayroon nang ipinapatupad na tax relief measures bago pa man ang ikalimang State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr.

Maaalalang ang tax relief measures ay isa sa mga tinukoy ng pangulo sa kaniyang Ulat sa Bayan, na malugod ding tinanggap ng publiko.

Ayon sa DOF at BIR, umiiral na ang ilang tax measures na nagbibigay ginhawa sa mga manggagawa, maliliit na negosyo, at iba pang uri ng taxpayers.

Kabilang dito ang One-Time Tax Abatement Program for Micro Taxpayers, na ipinatupad sa ilalim ng Revenue Regulations (RR) No. 4-2026 mula pa noong June 22, 2026.

Sa ilalim nito, maaaring makinabang ang mga kwalipikadong micro taxpayers sa pag-alis o pagbabawas ng kanilang mga hindi nababayarang obligasyon sa buwis at kaukulang penalties.

Nagpahayag din ang dalawang opisina ng kanilang kahandaang suportahan ang isinulong ng kasalukuyang administrasyon na tax relief para sa mga middle class habang patuloy na bumabangon ang ekonomiya.

Inihayag din ng mga ito ang kanilang pagnanais na tumulong para sa paggawa ng mga panukalang batas o polisiya na makakapagpagaan sa pasanin sa pagbubuwis ng mga Pilipinong taxpayer.

# Pagdagdag ng nuclear energy sa power mix, wala pang actual na timeline – ERC

Wala pang actual timeline ukol sa kung kailan magsisimulang maipasok sa energy mix ng Pilipinas ang nuclear power, ayon sa Energy Regulatory Commission (ERC).

Sa panayam kay ERC Chair, Atty. Francis Saturnino Juan, sinabi niyang bagaman may mga serye ng pag-aaral at consultation nang isinasagawa ang Philippine government sa pangunguna ng Department of Energy (DOE), nananatili pa ring nakadepende ang tuluyang pagpasok ng bansa sa nuclear power, sa pangulo, DOE, at sa suporta ng Kongreso.

Buong-suporta aniya ang komisyon sa mga serye ng capacity building, training, at field study, para sa mas mabilis na transition, lalo na at ito ang pangunahing hinahangad ng kasalukuyang administrasyon.

Ayon kay Atty. Juan, tuloy-tuloy lamang ang mga naturang training upang sa oras na kailangan nang bumuo ng regulation at akmang patakaran para sa nuclear regulation ay handa itong isagawa ng pamahalaan.

Natanong din ang opisyal kung kakayanin bang masimulan ang transition bago matapos ang Marcos Jr. Administration.

Ayon sa ERC chair, minamadali ang lahat ng akmang hakbang ngunit nag-iingat din ang gobiyerno sa bagong programa, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga serye ng pag-aaral para masigurong magtagumpay ito.

Kabilang sa mga pangunahing isinasaalang-alang ng power sector aniya, ay ang seguridad at kaligtasan, hindi lamang ng mga mamamayan ng bansa kundi ng Pilipinas sa kabuuan.

# Pagbagsak ng Chinese rocket debris sa katubigan ng Northern Luzon, ibinabala ng PCG

Nagbabala ang Philippine Coast Guard (PCG) kaugnay ng posibleng pagbagsak ng rocket debris ng China sa katubigan sa Northern Luzon.

Nakatakda kasing ilunsad ng China ang Jielong-3 rocket mula Haiyang, Shandong Province sa pagitan ng alas-10:29 ng umaga at alas-11:04 ng umaga (PH time) sa Miyerkules, Agosto 5.

Base sa Philippine Space Agency, sinabi ng Coast Guard District North Eastern Luzon na ang natukoy na drop zone ay sa loob exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas.

Inaasahang babagsak ang ilang parte ng rocket sa Drop Zone 1 na matatagpuan humigit kumulang 94 nautical miles mula sa Babuyan Island at 143 nautical miles mula sa Sta. Ana, Cagayan.

Ayon sa ahensiya, bagamat mababa ang panganib nito sa teritoryo ng Pilipinas, inaabisuhan ang lahat ng mga sasakyang pandagat na iwasan ang mga natukoy na drop zone sa nabanggit na araw at agad na ipaalam sa pinakamalapit na PCG unit ang anumang hinihinalang rocket debris.

# Libreng sakay sa LRT-2, iaalok din sa National ID holders tuwing Miyerkules ng Agosto

Iaalok ang libreng sakay sa mga pasaherong mayroong National ID sa Light Rail Transit 2 (LRT-2) tuwing araw ng Miyerkules ngayong Agosto.

Ayon sa Light Rail Transit Authority (LRTA), ang alok na libreng sakay ay kasabay ng anibersaryo ng pagkapasa ng Republic Act No. 11055 o ang Philippine Identification System Act.

Nilagdaan ang naturang measure bilang batas noong Agosto 6, 2018, na nagmamandato sa Philippine Statistics Authority na magpatupad ng National ID system.

Sa anunsiyo ng pamunuan ngayong Sabado, Agosto 1, para makapag-avail ng libreng sakay, kailangan lamang magpresenta ng mga pasahero ng kanilang physical National ID, o kung wala pa ay maaaring ipakita ang printed paper o digital copy sa security personnel ng istasyon.

Tatakbo ang libreng sakay sa LRT-2 mula alas-7:00 ng umaga hanggang alas-9:00 ng umaga at mula alas-5:00 ng hapon hanggang alas-7:00 ng gabi sa Agosto 5, 12, 19 hanggang 26.

Nauna na ring inanunsiyo ng Metro Rail Transit Line 3 (MRT 3) na magbibigay ito ng libreng sakay sa mga National ID holders tuwing araw ng Miyerkules ngayong Agosto.

# 13 anyos na Grade 9 student, patay matapos saksakin ng kaklaseng 14 anyos sa loob ng paaralan sa Las Piñas

Nasawi ang isang 13-anyos na Grade 9 student matapos saksakin ng kaniyang 14-anyos na kaklase sa loob ng Las Piñas National High School sa Barangay Daniel Fajardo, Las Piñas City nitong Biyernes ng hapon, Hulyo 31, 2026.

Ayon sa ulat ng Southern Police District (SPD) at pahayag ni Las Piñas acting police chief Fermin Armendarez III, nangyari ang insidente sa harap ng isang silid-aralan sa ikaapat na palapag ng naturang paaralan. Nagkaroon ng matinding pagtatalo ang dalawang magkaklase habang oras ng kanilang recess. Biglang bumunot ng patalim o kutsilyo ang suspek at sinaksak ang biktima sa kaliwang bahagi ng kaniyang dibdib. Agad na isinugod ang biktima, na kinilala sa inisyal na "A.D.O.," sa Las Piñas District Hospital subalit idineklara siyang patay na alas-4:53 ng hapon ng sumuring doktor.



Ang suspek, na kinilala sa inisyal na "M.J.E." ay itinuturing na isang Child in Conflict with the Law (CICL). Ituturn-over o isasailalim sa pangangalaga ng city social welfare office (CSWD) ang menor de edad na suspek alinsunod sa mga batas para sa mga kabataan.

Sa ngayon, iniimbestigahan ng pulisya ang mas malalim na motibo sa likod ng trahedya.



# DepEd, nagawang bawasan ang teacher paperwork ng 57%

Iniulat ng Department of Education (DepEd) ang matagumpay na pagbawas sa paperworks ng mga guro sa buong bansa.

Ayon kay Education Secretary Sonny Angara, umabot sa 57% ang nabawas sa paperworks ng mga guro o mga gawaing tumutukoy sa pagproseso ng mga dokumento, office works, at iba pang kahalintulad na gawain.

Sa pamamagitan nito ay mas nakakapag-pokus aniya ang mga guro sa kanilang pagtuturo sa mga estudyante.

Ayon pa kay Angara, tuloy-tuloy ang pag-hire ng DepEd sa mga non-teaching personnel para sila na ang sumalo sa paperworks.

Kabilang dito ang hanggang 5,000 Administrative Officers at Project Development Officers na aatasang gagawa ng non-teaching works na matagal nang pinoproblema ng mga guro.

Ayon pa kay Angara, target ng DepEd na protektahan ang teaching time at hayaan lamang ang mga guro na magturo sa mga eskwelahan sa halip na kinakain ang oras sa paperworks.

Bahagi ito aniya ng reporma ng DepEd, habang pinagbubuti at pinoprotektahan ang kapakanan ng mga guro.

## Energy advocacy group, kinuwestiyon ang pagtutol ng Meralco sa planong alisin ang system loss charges

Kinuwestiyon ng energy advocacy group na Power for People Coalition (P4P) ang pagtutol ng Manila Electric Company (Meralco) sa panukalang alisin ang system loss charges sa mga bayarin sa kuryente.

Ayon sa grupo, hindi dapat ipinapasa sa mga consumer ang gastos na bahagi ng operasyon ng isang power distributor. Giit nila, katulad ng ibang negosyo, dapat ang kumpanya ang sumasalo sa sariling operational costs nito at hindi ang mga consumer. Binigyang-diin din ng P4P na dapat ang binabayaran lamang ng mga consumer ay ang kuryenteng aktwal nilang nagagamit, dahil ang kuryente ay isang pangunahing serbisyo at hindi isang luho. Ginawa ng grupo ang pahayag kasunod ng direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa kanyang ikalimang State of the Nation Address (SONA) na alisin na ang system loss charges sa mga electricity bill. Nauna nang nagpahayag ng pag-aalala ang Meralco sa naturang panukala. Ayon kay Meralco Chairman at CEO Manuel V. Pangilinan, maaaring umabot sa bilyong piso ang epekto nito sa buong industriya ng kuryente, kaya't nananatiling usapin kung sino ang sasalo sa naturang gastusin.

Ang system loss ay tumutukoy sa kuryenteng nawawala habang ipinapadala mula sa mga planta patungo sa mga kabahayan at establisimyento dahil sa mga teknikal na dahilan, kabilang na ang pagkawala ng enerhiya sa transmission at distribution lines, pati na rin ang mga ilegal na pagnanakaw ng kuryente.

## Ilaw Pilipinas, may pangamba sa posibleng epekto ng pagtanggal sa 'systems loss charges'

Ibinahagi ng isang non-profit organization na Ilaw Pilipinas ang kanilang pangamba sa posibleng epekto ng pagtanggal sa 'systems loss charges' ng bayarin sa kuryente.

Sa isang ekslusibong panayam ng Bombo Radyo kay Agnes 'Beng' Garcia, National Convenor ng Ilaw Pilipinas, kanyang sinabi na maaring makaapekto ito sa ilang 'electric cooperatives'.

Magiging problema aniya ito sa mga maliliit na 'electric cooperatives' sapagkat sila na umano ang sasalo sa pagbabayad ng 'systems loss'.

Bagama't maganda at ikinatuwa ng karamihan ang bahagi ng talumpati sa State of the Nation Address ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. patungkol dito, giit niya'y dapat pa rin mapag-aralan maigi ang epektong idudulot.

Pinangangambahan din ng Ilaw Pilipinas ang posibilidad na sa pagkakatanggal ng 'systems loss charges' ay ilipat o idagdag ang bayarin sa ibang paraan.

Posible kasing matanggal ito ngunit ipapasa lamang muli sa mga konsyumer ang pagbabayad ng inialis na bayarin sa singil ng kuryente.

Kung kaya't apela nila sa Energy Regulatory Commission at publiko na maging mapagmatyag at aktibo sa pagbabantay ukol sa usapin kuryente o enerhiya sa bansa.

## PERPI, pinapahigpitan ang ERC regulations sa pagsingil ng system loss charges

Inirekomenda ng Philippine Energy Research & Policy Institute (PERPI) na higpitan ang regulasyon ng Energy Regulatory Commission (ERC) sa pagtatakda ng singil sa system loss charges.

Ito ay kung ituloy man ang pag-amyenda sa Electric Power Industry Reform Act of 2001 o EPIRA Law, tulad ng panawagan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa kaniyang ikalimang Ulat sa Bayan.

Ayon kay PERPI Executive Board Member Atty. Jay Layug, dapat ay limitahan ang saklaw ng mga sisingilin sa mga consumer at hindi ipinapasa sa kanila ang iba't-ibang bayarin, hindi tulad ng nakasaad sa EPIRA.

Sa aspeto naman ng non-technical component, tiniyak din ng ahensiya ang kahandaan na tumulong sa pamahalaan upang masugpo ang pagnanakaw ng kuryente sa iba't-ibang lugar, dahil sa mga illegal connection.

Ayon kay Atty. Layug, handa ang PERPI na tumulong para ma-amyendahan ang EPIRA Law at unti-unting mabago ang power service sa bansa.

Naniniwala ang opisyal na may kakayahan at potensiyal ang kasalukuyang administrasyon na amyendahan ang EPIRA Law at tulungan ang mga consumer na mapababa ang power bills.

Aniya, kapag tuluyan nang naipatupad nang mahigpit ang pagpapababa sa mga dagdag-singil sa kuryente, tiyak na makikinabang ang mga ordinaryong konsyumer at mababawasan ang mga kaso ng illegal tapping na isa sa mga pangunahing problema sa bansa.



---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
BRANCH 297, PASAY CITY
3rd Floor, No. 105 JGG Building
Pasadeña St., Pasay City Tel. No. 8252-7651
Email Address: rtc1psy297@judiciary.gov.ph

MARIA RAISSA ALLEGRA
Z. SEGOVIA
Petitioner.

LRC Case No. R-PSY-26-01595-LR
For: Petition for Issuance of New Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095

-versus-

REGISTRY OF DEEDS FOR
PASAY CITY,
Respondents.

x---------------------------------------x

**ORDER**

Before this Court is a verified Petition filed by petitioner, through counsel on 02 July 2026, praying that after due notice and hearing, the herein Petition be GRANTED; that the Original Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095 be DECLARED as lost and without force and effect, and the Registry of Deeds of Pasay City be ORDERED AND DIRECTED to issue in lieu thereof a new Original Owner's Duplicate Copy of Transfer Certificate of Title No. 23095.

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, the Court hereby set the same for hearing on **17 September 2026 at 8:30 in the morning** at the 3rd Floor, No. 105 JGG Building, Pasadeña St., Pasay City.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, to be selected by raffle pursuant to Presidential Decree No. 1079, and posted by the Branch Sheriff in three (3) conspicuous places in Pasay City.

The Sheriff / Process Server of this Court is directed to furnish the Registry of Deeds for Pasay City with a copy of this Order and the Petition with annexes.

SO ORDERED.
10 July 2026, Pasay City.

**(SIGNED)**
**RONALD AUGUST L. TAN**
Presiding Judge

Copy furnished:

Atty. Dionisio L. Cuevas II
Counsel for the Petitioner
No. 1036 Ongpin St., Sta. Cruz 1003 Manila
denniscuevas21@yahoo.com

Maria Raissa Allegra Z. Segovia
Petitioner
109 Rada St., Legaspi Village, Makati City

Register of Deeds for Pasay City
Respondent
Pasay City Hall Building, F.B. Harrison St., 1300 Pasay City
rd.pasaycity@lra.gov.ph / rdpasay003@gmail.com

Land Registration Authority
East Avenue cor. NIA Road, Diliman, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 10, 17 & 24, 2026**

---

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
National Capital Judicial Region
Caloocan City, Metro Manila
BRANCH 129

PHILIPPINE BANK OF COMMUNICATIONS,
Plaintiff,

Civil Case No. C-26466

-versus-

ADVANCE GLOBAL TRANSPORT SYSTEM
INC., and SPS. JUNIO O. JOSE and
ZENAIDA R. JOSE,
Defendants.
x============================x

**NOTICE OF SALE ON EXECUTION**
**OF REAL PROPERTY**

WHEREAS, by virtue of an Order of Execution issued by Atty. Jasmin C. Elardo, Branch Clerk of Court of the Regional Trial Court, Branch 129, Caloocan City, on March 12, 2026, in Civil Case No. C-26466 wherein Philippine Bank of Communications is the plaintiff and Spouses Junio O. Jose and Zenaida R. Jose and Advance Global Transport System Inc., are the defendants for the recovery of the sum of **THIRTEEN MILLION FOUR HUNDRED EIGHTY ONE THOUSAND NINE HUNDRED FORTY PESOS AND 56/100 (Php13,481,940.56)** plus interest and cost, etc., levy was made by undersigned Sheriff IV on July 16, 2026, thru the Register of Deeds of Mandaluyong City, on the rights, interest, and participation of said defendants Spouses Junio O. Jose and Zenaida R. Jose in the real property more particularly describe as follows:

**Condominium Certificate of Title No. 34454**

"IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and describe as:

Residential Unit 1403 located at the 14th Floor of Lee Gardens, North Tower, with a Titled Area of 55.50 sq.m. x x x"

NOW THEREFORE, by virtue of said Order of Execution and in accordance with Rule 39, Section 15, of the Rules of Court, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, on **September 15, 2026,** (Tuesday) at nine o'clock (9:00 A.M.) in the morning to two o'clock (2:00 P.M.) in the afternoon, at Caloocan Judicial Complex, 10th Avenue, Caloocan City, Metro Manila, the rights, interest and participation of defendants Junio O. Jose and Zenaida R. Jose, in the above-described real property in order to said Order of Execution, together with interest, costs, sheriff's fees and expenses of sale.

Prospective buyers/bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said properties and encumbrances thereon if any.

In the event of the public auction shall not take place on the said date, it shall be held on **September 22, 2026** (Tuesday) at the same time and place without further notice.

Caloocan City, Metro Manila, July 28, 2026.

**(SIGNED)**
**ROY I. CAMBIADO**
Sheriff IV

Copy furnished
All concerned

Warning:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date, under penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: August 03 & 10, 2026**

---

## Guro sa Aklan, patay matapos suntukin ng 19-anyos na lalaki

Pumanaw na ang isang college teacher habang ginagamot sa ospital matapos umanong suntukin ng isang 19-anyos na lalaki sa Barangay Mabilo, New Washington, Aklan.

Nabatid na binawian ng buhay ang biktima nitong Martes, dalawang araw matapos ang insidente na naganap noong Hulyo 26 sa isang advance graduation celebration sa lugar.

Batay sa imbestigasyon ng pulisya, nagkaroon ng pagtatalo ang guro at ang suspek sa naturang pagtitipon.

Bagama't pauwi na ang biktima, sinundan pa rin umano siya ng suspek at doon ginawa ng lalaki ang panununtok na nagresulta sa kanyang pagkakaospital.

Inaresto ang suspek at una nang sinampahan ng kasong frustrated homicide, ngunit sinabi ng pulisya na iaakyat na ito sa mas mabigat na kaso matapos pumanaw ang biktima.

# Pagbabantay sa Ebola outbreak sa Congo, pinaigting matapos itong lumala


Lumalala ang pagkalat ng Bundibugyo virus disease (BVD), isang uri ng Ebola, sa Democratic Republic of the Congo.

Mula sa Mongbwalu health zone sa Ituri Province, kumalat na ito sa limang probinsya at ngayon ay nakakaapekto na sa 49 health zones.

Umabot na sa 3605 kumpirmadong kaso at 1587 pagkamatay hanggang 30 Hulyo 2026, na may case fatality ratio na 44%.

Sa pinakahuling linggo ng ulat, naitala ang pinakamataas na lingguhang bilang ng kaso (567) at pagkamatay (296), na nagpapakita ng mabilis na pagkalat ng sakit.

Pinapalala ng kaguluhan, paglikas ng mga tao, at paggalaw sa hangganan ang sitwasyon, na nagpapahirap sa pagtugon at nagpapataas ng panganib ng mas malawak na pagkalat.

Patuloy na nagsasagawa ng hakbang ang pamahalaan ng Congo kasama ang WHO at mga katuwang, ngunit kinakailangan pa ng mas masinsinang pagtugon upang maagapan ang krisis.

Samantala, idineklara ng Ministry of Health ng Uganda ang pagtatapos ng BVD outbreak sa kanilang bansa noong 28 Hulyo matapos ang 42 araw na walang bagong kumpirmadong lokal na kaso.

Gayunpaman, nananatiling nasa panganib ang Uganda sa muling pagpasok ng sakit dahil sa patuloy na transmission sa kalapit na Congo.

Muling binigyang-diin ng WHO ang kahalagahan ng masusing pagbabantay, paghahanda, at pagpapatupad ng mga hakbang sa pagkontrol, lalo na sa harap ng patuloy na paggalaw ng populasyon at panganib ng cross-border transmission.

## SoKor police, ibinasura ang reklamo laban kay Kim Soo Hyun kaugnay ng underage dating allegations

Ibinasura ng South Korea police ang reklamong isinampa laban sa aktor na si Kim Soo Hyun kaugnay ng alegasyong nakipagrelasyon umano siya sa yumaong aktres na si Kim Sae Ron noong menor de edad pa ito.

Batay sa ulat ng Yonhap News Agency, nagpasya ang Seoul Seongdong Police Station na huwag nang ituloy ang kaso dahil sa kakulangan ng ebidensya.

Nagsimula ang usapin matapos akusahan ng pamilya ni Kim Sae Ron ang aktor na nakipagrelasyon umano sa aktres habang ito ay menor de edad pa.

Lumakas pa ang kontrobersiya matapos maglabas ng mga alegasyon ang YouTube channel na HoverLab Inc. laban kay Kim Soo Hyun.

Noong Abril 2025, nagsampa naman ng civil lawsuit ang aktor laban sa pamilya ni Kim Sae Ron at sa mga operator ng naturang YouTube channel.

Mariin ding itinanggi ni Kim Soo Hyun ang mga akusasyon. Aniya, nagkaroon sila ng relasyon ni Kim Sae Ron sa loob ng halos isang taon, ngunit nangyari ito noong pareho na silang nasa tamang edad.

Itinanggi rin ng aktor ang mga pahayag na may kinalaman umano siya sa pagkamatay ng aktres.

Pumanaw si Kim Sae Ron noong Pebrero 2025 sa edad na 24.

Nakilala siya sa mga pelikulang "A Brand New Life" at "The Man From Nowhere", gayundin sa mga seryeng "Hi! School Love On", Can You "Hear My Heart", at "The Queen's Classroom."

Samantala, si Kim Soo Hyun ay isa sa pinakakilalang South Korean actors, na sumikat sa mga hit drama na "Queen of Tears," "It's Okay to Not Be Okay," at "My Love from the Star."



## American actor Jared Leto inireklamo ng apat na kababaihan

Inireklamo ng apat na kababaihan ang Oscar-winning actor at Thirty Seconds to Mars frontman na si Jared Leto ng criminal sexual conduct.

Nangyari umano ang mga kaso noong ang mga ito ay nasa kanilang kabataan.

Isa sa mga biktima ang nagsabi na siya ay sexually assaulted ng aktor sa isang motel noong ito ay 17-anyos.

Habang ang isa ay binantaan ng sexual assault noong ito ay 19-anyos pa lamang.

Isang biktima naman ay na-groomed na siya ng aktor noong edad 16 pa lamang kung saan lagi niya itong kausap sa telepono at hinikayat pa niya na makipagtalik sa kaniya at nagpirma pa siya ng non-disclosure agreement (NDA) para hindi siya makapagsalita sa relasyon niya sa aktor.

Aabot sa 10 kababaihan ang nagbigay ng pahayag na sila ay minolestiya ng aktor at nakatakdang magsampa ng kaso.

Ang mga insidente ay nangyari mula 2002 at 2016 kung saan nasa edad 30 at 40 pa ang aktor.

Ang 54-anyos na aktor ay kilala noong 1990 kung nagwagi na ito ng best supporting actor sa 2014 Academy Award sa pelikulang "Dallas Buyers Club".

Binuo ang kaniyang banda na "Thirty Seconds To Mars" noong 1998 kung saan nagkaroon na sila ng mga tour sa United Kingdom,London at ibang bahagi ng US.

## Oscar-winning Irish musician Glen Hansard nasawi sa aksidente



Pumanaw na ang Oscar-winning Irish musician Glen Hansard sa edad na 56.

Ayon sa kaanak nito, nasawi ang singer matapos na maaksidente habang nagmo-motorsiklo sa Lower Road sa Lucan, west Dublin, Ireland.

Sumikat si Hansard noong nakasama siya sa musical comedy film na "The Commitments" noong 1991.

Siya ang frontman ng rock band na "The Frames". Mahigit tatlong dekada ang kaniyang career kung saan nagwagi siya sa Academy Award para sa "Best Original Song" noong 2008.

Taong 2016 ay nominado siya sa Grammy Awards bilang Album of the Year na "Didn't He Ramble".

Bumuhos naman ang pakikiramay sa pagpanaw ng singer kung saan nagpaabot ng kalungkutan sina Ed Sheeran at Bruce Springsteen.

## Kilalang Nepalese climber Nirmal Purja kasamang nasawi sa Avalanche sa Pakistan

Pumanaw na ang kilalang Nepalese mountain climber na si Nirmal Purja.

Kinumpirma ng mga otoridad ang kamatayan ng 43-anyos na climber matapos ang naganap na avalanche sa Himalayas.

Nakagawa ng kasaysayan si Purja sa mga nagdaang taon dahil sa pag-akyat sa may pinakamataas na bundok.

Kasama si Purja sa 10 mountaineer na unang naiulat na nawawala matapos ang avalanche na naganap sa Broad Peak sa northern Pakistan.Kasamang nasawi sina Omani climber Nadhira Al Harthy, Nepali climber Pur Bahadur Gurung "Yukta" at US climber Sarah Mallory Geis. Patuloy na hinahanap ng mga otoridad ang ibang mga nawawalang climber.



## Prince Harry, maaaring magbayad ng milyon-milyong legal cost vs privacy lawsuit

Maaaring magbayad ng milyun-milyong dolyar sa legal fees si Prince Harry at iba pang kilalang personalidad matapos nilang matalo sa isinampang privacy lawsuit laban sa publisher ng Daily Mail sa United Kingdom.

Sa pagdinig sa High Court sa London, hiniling ng kampo ng Associated Newspapers na sagutin ng mga nagsampa ng kaso ang malaking bahagi ng kanilang legal expenses, na umabot na sa £34.5 million o halos 46 million US dollars.

Kasama ni Prince Harry sa mga natalo sa kaso ang singer na si Elton John at lima pang kilalang personalidad. Nauna nang ibinasura ng korte ang kanilang alegasyon na sangkot ang Daily Mail sa mga ilegal na gawain, kabilang ang umano'y phone hacking at iba pang paglabag sa privacy.

Ayon sa abogado ng Associated Newspapers, walang sapat na ebidensya ang mga nagsampa ng kaso upang patunayan ang kanilang mga paratang, dahilan upang lumaki ang gastos sa paglilitis.

Samantala, sinabi naman ng kampo nina Prince Harry na labis ang hinihinging legal fees ng publisher at nag-alok silang magbayad ng £8 million bilang paunang bayad.

Nakatakdang ipagpatuloy ng korte ang pagdinig upang pagdesisyunan kung magkano ang dapat bayaran ng mga nagsampa ng kaso sa legal expenses ng Associated Newspapers.



## 14 katao nasawi sa hinihinalang suicide bombing sa Pakistan

Hindi bababa sa 14 na katao ang nasawi matapos ang isang pinaghihinalaang suicide bombing sa labas ng himpilan ng pulisya sa hilagang-kanluran ng Pakistan.Naganap ang pagsabog sa Kabal area sa Swat district ng Khyber Pakhtunkhwa province.

Ayon sa mga awtoridad, kabilang sa mga nasawi ang limang pulis, walong sibilyan, at ang pinaniniwalaang suicide bomber.Aabot naman sa 18 ang nasugatan sa insidente.

Kasabay ng pagsabog, may isinasagawang pro-police rally sa lugar, ngunit hindi pa malinaw kung ito nga ang target ng pag-atake.Inako ng militanteng grupong Tehreek-e-Taliban Pakistan ang pananagutan sa insidente.

Nagpahayag naman ng matinding pakikiramay si Pakistani Prime Minister Muhammad Shehbaz Sharif at kinondena ang pag-atake.Naglunsad na rin ng operasyon ang pulisya upang matukoy at madakip ang iba pang posibleng sangkot sa pambobomba.Patuloy na nahaharap ang Pakistan sa lumalalang insurgencies, lalo na sa mga border nito, kung saan madalas na target ng mga pag-atake ang mga pulis at militar.

Patuloy na inaakusahan ng Pakistan ang Taliban sa Afghanistan na nagbibigay ng suporta sa mga militanteng grupo, isang alegasyong mariing itinatanggi ng Taliban.



## Iran, nagbabala na aatakihin ang ibang energy facilities ng kaalyadong bansa ng US sakaling umatake ito

Nagbabala ang Iran na gaganti ito nang buong lakas sakaling ituloy ng Estados Unidos ang panibagong pag-atake, kasunod ng mga pahayag ni U.S. President Donald Trump.

Sa pakikipag-usap ni Iranian Foreign Minister Abbas Araqchi sa mga opisyal ng Turkey, Pakistan, at Saudi Arabia, sinabi niyang handa ang Iran na magbigay ng "proportionate" o katumbas na tugon sa anumang agresyon mula sa Estados Unidos at Israel.

Nagbabala rin ang Iran na posibleng targetin ang mga oil at gas facilities sa Saudi Arabia, United Arab Emirates, Qatar, at Israel kung aatake ang Amerika sa mga pasilidad ng enerhiya ng Tehran.

Samantala, sinabi ni Trump na bukas pa rin siya sa negosasyon sa Iran, ngunit aminado siyang nawawalan na siya ng tiwala sa Tehran.

Patuloy namang naaapektuhan ang pandaigdigang merkado ng enerhiya dahil sa nagpapatuloy na sigalot.

Tumaasang presyo ng Brent crude oil at nananatiling limitado ang pagdaan ng mga barko sa Strait of Hormuz.

Sa Kuwait, iniulat ng militar na napabagsak nito ang ilang drone na umano'y inilunsad ng Iran, habang may mga ulat din ng pagsabog malapit sa karagatan ng Oman.



# History Facts

## Alexander the Great was buried alive... accidentally

At age 32, when he died, Alexander the Great had conquered and created the largest land-based empire the world has ever seen. It stretched from the Balkans to Pakistan.

In 323 BC, Alexander fell ill, and after 12 days of excruciating pain, he seemingly passed away.

However, his corpse didn't show any signs of rot or decomposition for a whole six days.

Modern-day scientists believe Alexander suffered from the neurological disorder Guillain-Barré Syndrome.

They believe that when he "died," he was actually just paralyzed and mentally aware. Basically, he was horrifically buried alive!



## ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2 | 9 | 8 | 7 | 5 | 1 | 3 | 4 | 6 |
| 1 | 7 | 4 | 8 | 3 | 6 | 5 | 2 | 9 |
| 5 | 6 | 3 | 2 | 9 | 4 | 1 | 8 | 7 |
| 9 | 8 | 2 | 1 | 6 | 5 | 4 | 7 | 3 |
| 6 | 5 | 7 | 3 | 4 | 8 | 9 | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 1 | 9 | 7 | 2 | 6 | 5 | 8 |
| 8 | 2 | 6 | 5 | 1 | 9 | 7 | 3 | 4 |
| 7 | 1 | 9 | 4 | 8 | 3 | 2 | 6 | 5 |
| 4 | 3 | 5 | 6 | 2 | 7 | 8 | 9 | 1 |

## MONDAY - SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 7 | | | | 6 | 4 | 2 | |
| 6 | 8 | | 1 | | 2 | 5 | | |
| 9 | | | 3 | 4 | 8 | | | |
| | | | | | 3 | | | 9 |
| | 6 | | | 8 | | | 7 | |
| 8 | | | 2 | | | | | |
| | | | 6 | 3 | 1 | | | 7 |
| | | 5 | 8 | | 4 | | 6 | 1 |
| | 1 | 6 | 9 | | | | 8 | |





**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**

**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**

**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 10 - 16, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: August 10 - 16, 2026


# CROSSWORDS

## Across

1. Collaboratively managed website
5. Responded in court
9. Big serving of cake
13. Vows exchanged with rings
14. Ireland, to the Irish
15. Novelist Vonnegut
16. Hamilton bills
17. Landed on a perch
18.b Pet aisle brand
19. Long-lived plant native to the Sonoran Desert
22. Young newt
23. __ and paste
24. Places for books that may be borrowed
32. Extra sports periods, briefly
33. "You __ what you sow"
34. Handed out playing cards
35. Clearance rack caveat
37. Prepare to publish
39. Curved line on a musical score
40. Internet access device
42. "__ Diary ... "
44. End of a college email address
45. Anatomical structure that includes bones and joints
48. Lav
49. Driving range prop
50. Bravely stand one's ground, or what 19-, 24-, and 45-Across typically do?
57. Sweetheart
58. One with a superiority complex
59. Hammer, for one
60. Musical based on "La bohème"
61. Off-white hue
62. Woolly mamas
63. Sportsbook figures
64. Monopoly card
65. Fairy __



## DOWN

1. Comical wordsmiths
2. Brainstorming product
3. Hong __
4. Credit card provider
5. Partridge's place, in a Christmas song
6. Disney's "__ & Stitch"
7. "Springsteen" country singer Church
8. Disconnect
9. Fruity candy brand
10. Party with poi
11. Sleeve fillers
12. K-pop band also known as the Bangtan Boys
20. Not at all close
21. Prompted, in a theater
24. Fertile soils
25. "There, there"
26. Back of a hit 45 record
27. When repeated, "You know the rest"
28. Sales pitch
29. Parking attendant
30. Dodge
31. Play a ukulele
36. Performances with no empty seats
38. Sensory receptor on a tongue
41. Cat's noise
43. Deli loaves that may be seeded or marbled
46. Threw away
47. 12-Down, e.g.
50. __ money: startup funds
51. Appendage often traced to draw a turkey in art class
52. Not often, but not never
53. "What __ can I say?"
54. Des Moines locale
55. Christmas carol
56. "What __ can I say?"
57. Sis's playmate

## ANSWER LAST WEEK SUDOKU

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | L | F | ■ | B | U | S | E | S | ■ | ■ | C | R | A | W |
| H | A | R | ■ | A | B | O | D | E | ■ | S | H | U | S | H |
| A | C | E | ■ | M | E | D | I | A | ■ | T | A | M | P | A |
| B | E | E | R | B | R | A | T | ■ | I | A | M | B | I | C |
| ■ | ■ | C | O | O | ■ | ■ | ■ | G | O | T | B | A | C | K |
| C | R | Y | W | O | L | F | ■ | A | S | H | E | ■ | ■ | ■ |
| P | E | C | S | ■ | A | L | T | S | ■ | A | R | F | S | ■ |
| A | I | L | ■ | S | L | O | W | J | A | M | ■ | R | Y | E |
| ■ | N | E | C | K | ■ | W | O | E | S | ■ | A | U | N | T |
| ■ | ■ | ■ | R | E | N | E | ■ | T | H | I | N | I | C | E |
| J | D | P | O | W | E | R | ■ | ■ | ■ | N | Y | T | ■ | ■ |
| D | A | R | N | E | D | ■ | S | I | X | P | A | C | K | S |
| A | M | O | U | R | ■ | P | A | D | M | A | ■ | A | N | A |
| T | O | U | T | S | ■ | S | M | E | A | R | ■ | K | E | G |
| E | N | D | S | ■ | ■ | Y | E | A | S | T | ■ | E | W | E |

# MONDAY WORD HUNT

## PSYCH



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | M | O | R | J | U | L | I | E | T | B | U |
| E | T | W | O | O | D | Y | O | R | A | R | T |
| E | S | P | E | N | C | E | R | R | E | A | C |
| R | A | S | R | A | S | P | B | E | R | R | Y |
| E | Z | Y | R | U | B | A | C | T | N | A | D |
| B | C | C | G | B | R | E | R | A | P | H | E |
| U | P | H | S | A | H | B | S | O | E | O | T |
| Z | S | S | Y | A | R | H | L | S | B | E | E |
| Z | H | R | R | P | N | I | A | T | U | I | C |
| M | A | E | H | A | C | N | A | T | R | S | T |
| C | W | T | E | E | T | R | O | U | T | S | I |
| N | N | S | N | A | I | J | E | E | O | A | V |
| A | R | U | R | D | Z | A | S | R | N | L | E |
| B | A | G | Y | A | G | E | N | C | Y | O | A |

**PSYCH**
**SHAWN**
**SPENCER**
**SANTA**
**BARBARA**
**POLICE**
**BURTON**
**GUSTER**
**HENRY**
**JULIET**
**O'HARA**
**LASSIE**
**BUZZ MCNAB**
**WOODY**
**RASBERRY**
**DETECTIVE**
**AGENCY**

# Alex Eala, nag-kampeon sa 2026 Mubadala DC Open



Nasungkit ni Filipina tennis sensation Alex Eala ang pinakamalaking titulo sa kanyang karera matapos talunin ang top seed na si Jessica Pegula, 4-6, 6-4, 6-0, sa finals ng 2026 Mubadala DC Open nitong Martes (oras sa Pilipinas).

Nagpakita ng matinding determinasyon si Eala matapos maantala ng halos 20 oras ang laban dahil sa masamang panahon.

Sa kabila ng pagkatalo sa unang set, bumawi ang 21-anyos na Pinay upang dominahin ang sumunod na dalawang set at maiuwi ang kampeonato. Sa panayam matapos ang laban, sinabi ni Eala na naging inspirasyon niya ang suporta at pagmamahal ng kanyang pamilya at mga kaibigan sa kanyang buong laban. Pinuri rin ni Eala si Pegula matapos ang laban at sinabing marami siyang natutunan sa kanilang paghaharap.Drama sa radyo

Ito ang ikalawang pagkakataon ni Eala na nakapasok sa WTA final matapos mabigo noong nakaraang taon sa Eastbourne.

Dahil sa kanyang pagkapanalo, inaasahang aangat si Eala sa career-high na world No. 20 sa WTA rankings.Samantala, bigo naman ang hometown favorite na si Pegula na manatili sa ika-12 career title at ikatlong panalo ngayong season.



## Pilipinas tinalo ang Laos 4-1 sa ASEAN Cup 2026

Nakuha ng Pilipinas ang unang panalo sa ASEAN Hyundai Cup 2026.

Ito ay matapos talunin na Philippine Men's National Football team ang host country na Laos sa score na 4-1.

Nakabawi ang PMNT ng full three points mula ng talunin sila ng Myanmar noong Martes sa score na 4-1 na ginanap noong New Clark City sa Tarlac City.

Isa itong malaking tulong para sa nalalapit na laban nila kontra Thailand sa darating na Martes, Agosto 4.

Ang mga nakapagtala ng goal si John Lucero sa 47 minuto ng laro at pangalawa naman ay si Javier Maron sa 52 minuto.

Naipasok naman ni Jarvey Gayoso ang ikatlong goal sa 60th minuto habang ang last goal ay naitala ni Daisuke Sato sa 88th minuto.


# PVN SPORTS

VOL. 09 | ISSUE NO. 02 | AUGUST 10 - 16, 2026 | ₱ 15.00




## Italian football legend Franco Baresi pumanaw

Pumanaw na si dating AC Milan at Italy defender Franco Baresi sa edad na 66.

Kinumpirma ng kaniyang dating football club ang pagpanaw ng footballer.

Isa kasi si Baresi sa pinakakilalang manlalaro sa kasagsagan ng kasikatan ng  soccer sa Italy noong taong 1980 at 1990.

Noong nakaraang taon ay sinabi ni Baresi na siyang nagsisilbing honorary vice president ng kaniyang dating koponan na ito ay sasailalim sa operasyon para tanggalin ang pulmonary nodule at at hinikayat na magpagaling mula sa cancer specialist.

Noong pebrero ay naging torchbearers sa Olympic flane ng opening ceremony ng Milan Cortina Winter Games kasama niya doon si dating Inter Milan at Italy defender Giuseppe Bergomi ang kaniyang matagal na karibal sa pitch.

Itinuturing siyang bilang AC Milan icon kung saan naglaro ito sa kaniyang buong 20-taon na soccer career.

Nagwagi ito ng anim na Series A titles at tatlong top European trophies.

Naging captain din ito ng koponan sa 15 season bago tuluyang magretiro noong taong 1997.

Matapos ang kaniyang career ay niretiro ng Milan ang kaniyang number six na damit at siya ang unang manlalaro ng kasaysayan ng club na makatanggap ng parangal.

## Men's national football team ng bansa bigo kontra Myanmar

Nabigo ang Philippine men's national football team sa unang laro nila sa 2026 ASEAN Hyundai Cup. Soccer

Ito ay matapos na pahiyain sila ng Myanmar sa score na 4-1 sa Group B sa laro na ginanap sa New Clark City.

Naging malaking hamon para sa football team ng bansa ang malakas na pag-ulan kung saan nahirapan silang kontrolin ang nasabing bola na nagresulta sa marmaing mistakes nila.

Sa unang pitong minuto ng laro ay maagang nakuha ng Myanmar ang goal sa pamamagitan ni Kyaw Min Oo at pagdating ng 28 minuto ay naipasok ni Than Paing ang goal.

Pagpasok naman ng 68 minuto ay naipasok ng Pilipinas ang goal sa pamamagitan ni Jarvey Gayoso.

Nagkaroon ng matinding depensa ang Myanmar sa pagpasok ng ikalawang set ng laro kung san magkasunod na naipasok nila ang goal sa 81 minuto at 83 minuto.

Dahil dito ay mayroon ng kalamangan ang Myanmar sa Group B sa pamamagitan ng pagkamit nila ng kabuuang tatlong puntos.






## Ramos at AJ Edu hindi makakasama sa Gilas Pilipinas sa Asian Games

Hindi na makakasama sina Dwight Ramos at AJ Edu sa Gilas Pilipinas Pilipinas para sa Asian  Games sa buwan ng Setyembre.

Ayon sa Samahang Basketbol ng Pilipinas (SBP) na mayroong tatapusin silang mga laro sa B.League sa Japan.

Maghaharap din ang koponan nina Edu at Ramos sa gaganaping Japanese tournament sa buwan ng Setyembre.

Sinabi naman ni Erika Dy ang executive director ng SBPna sa darating na Setyembre 9 at 10 ay gaganapin ang paghaharap ng koponan nina Dy at Ramos.

Dagdag pa nito na normal lamang sa ibang mga koponan na hindi makakapaglaro ang ilang manlalaro.

Tiniyak din nito na makakapaglaro sa Gilas Pilipinas si Justin Brownlee base na rin sa kagustuhan ni head coach Tim Cone.

## Beermen tinambakan ang Titan Ultra

Tinambakan ng San Miguel Beermen ang Titan Ultra 143-105 sa nagpapatuloy na PBA Season 50 Governors Cup.

Mayroon lamang tatlong puntos ang kalamangan ng Beermen 61-58 sa laro na ginanap sa Ninoy Aquino Stadium.

Bumida sa panalo ng Beermen si George King na nagtala ng 35 points, walong rebounds at walong assists.

Habang mayroong 26 points at tatlong assists si Jerrick Ahanmisi at nag-ambag naman ng 22 points at limang rebounds si Don Trollano.

Nasayang naman ang nagawang 25 points,anim na rebounds at limang assists ni Joshua Munzon para sa Giant.



## EJ Obiena, nagwagi ng gold sa Germany; 3rd gold niya sa outdoor season



Nagtagumpay si Earnest John "EJ" Obiena matapos masungkit ang gintong medalya sa Halberstadter Hohenflug – 1st International Pole Vault Meeting sa Cathedral Square, Halberstadt, Germany noong Hulyo 31, 2026.Track & Field

Nalampasan niya ang taas na 5.76 metro sa unang pagtatangka at nanguna sa 10-man field.

Nakamit ni Seifeldin Abdelsalam ng Qatar ang pilak sa 5.66 metro, habang si Cole Walsh ng Estados Unidos ay nakakuha ng bronze sa 5.56 metro.

Ito na ang ikatlong gintong medalya ni Obiena ngayong outdoor season, kasunod ng kanyang panalo sa Austria at Poland.

Ang tagumpay ay muling nagpapatibay sa kanyang reputasyon bilang isa sa pinakamahusay na pole vaulter sa mundo.

## Hidilyn Diaz magsasagawa ng world-class weightlifting competition sa bansa

Handang-handa na ang kauna-unahang Olympic gold medalist weightlifter na si Hidilyn Diaz na isagawa ang world-class weightlifting competition sa bansa.

Ang "HD LiftOff" ay opisyal na gaganapin sa susunod na buwan kung ito ay pangungunahan nina Diaz at asawa nitong coach na si Julius Naranjo.

Layon ng nasabing torneo ay mas lalong makilala ang ang  sports na weightlifting sa bansa.

Sinabi ni Diaz na napapanahon na para isagawa ang kumpetisyon matapos ang limang taon noong nakamit niya ang unang gintong medalya.




Gaganapin ang kumpetisyon sa darating na Agosto 15-16 sa lungsod ng Makati.